# Pasya ni Maria Makiling: Tatlong Tula

**LOUISE VINCENT B. AMANTE**

## Pasya

Ang batang gamugamó
Ay sumuway sa ina.
S'ya'y nakisalubiló[1]
Sa lawag ng lampara.

Natupok kanyang pakpak
Pati katawa'y nasunog.
Bilin ng Donya: "Anak,
'Wag sumuway sa utos."

Ngunit si Pepe, titíg
Na titíg sa natusta.
*Suwail*, kanyang sambit,
*Na may sariling pasya*.

1 *salubiló* – salitang Tagalog, varyant ng halubílo

## Si Pepe ayon…

*1. Kay Ferdinand Blumentritt*
Sa sulatan tumubo
mga salitang puno
ng kaisipang ginto.

*2. Sa kanyang Panitik*
Kalayaang pangarap,
Hindi aandap-andap:
Siya ang nagpadiklap.

*3. Sa mga tumawag sa kanyang Dr. Uliman*
Hindi salamangkero,
Habag sa kapwa-tao'y
Mula sa kapwa-indio.

*4. Sa kanyang Istetoskop*
Aking napakikinggan,
Tinitibok ng bayan:
Lunas ay kalayaan.

## Maria Makiling
*(pagkatapos ni Jose Rizal)*

Kumilapsaw, kristal na tubig sa paá
Habang hinahaplos malalagong súngay
Ng alagang usa. Ikaw na sinambá
Ng aming salaysay, ng aming sayúsay.

Pag-ibig mo'y ukol sa lawas ng lángit,
Sa samyo ng ilog, at liyab ng lupà.
Sa gitna ng budhi't ringal ng siláhis
Iyong hinahabi: matulaing wikà.

Ngunit kinulapol ng higanteng dilím,
Maringal mong bundok. Lumisan ang ambón,
Pumanaw ang saya sa sampapawirín.
Kaya umalis kang wala man lang bulóng.

Diwatang Maria, ikaw na'y magbalík.
Nananabik kami sa birtud mong hasík.

SI LOUISE VINCENT B. AMANTE ay mula sa bayan ng Binangonan, Rizal, nagtapos siya ng BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa UP Diliman at tinatapos naman ngayon ang MA Araling Pilipino (Panitikan at Pelikula) sa parehong pamantasan. Naging Fellow sa Ikatlong Palihang Rogelio Sicat ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas noong 2010; sa 11th Iyas National Writers Workshop ng University of St. La Salle-Bacolod noong 2011; at sa 20th Iligan National Writers Workshop ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology noong 2013. Mababasa ang ilan sa kaniyang mga akda sa *bulatlat.com, pinoyweekly.org,* at *km64.wordpress.com.* Maaakses naman ang kaniyang blog sa http://lvbamante.blogspot.com. Maaari siyang makontak sa lbamante@up.edu.ph.